

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inihahayag ng Brampton Citizen Awards ang outstanding na mga kasapi ng komunidad

BRAMPTON, ON (Hunyo 3, 2021) – Sa taon na ito, kinikilala at inihahayag ng Lunsod ng Brampton ang higit sa 175 residente sa komunidad na nagkamit ng outstanding na mga tagumpay sa 2019 at 2020.

Itinatag noong 1974, kinikilala ng Brampton Citizen Awards ang higit sa 3,500 outstanding na mga residente na nanomina ng kapwa mga mamamayan sa pitong kategorya:

- Sports Achievement – ibinibigay sa isang team o indibidwal para sa mga napagtagumpayan na kinilala sa antas ng lalawigan, bansa o daigdig;
- Arts Acclaim – kumikilala sa mga indibidwal kanino ang kontribusyon ay nagkaroon ng malaking epekto kaugnay ng parangal na lokal, panlalawigan, pambansa o pandaigdig;
- Inspirational Award – kumikilala sa mga residente ng Brampton na nagtataguyod o gumaganap ng makataong aksyon, o nagkaroon ng inspirasyonal na impluwensya sa iba;
- Mahabang Panahon na Serbisyo – sa mga kategoryang 10 taon, 25 taon, 35 taon at 50 taon, kumikilala sa mga dedikadong volunteer kanino ang mga pagsisikap ay nakagawa ng malaking epekto tungo sa pag-unlad at pagsulong sa panlibangang sports, sining at sa mga serbisyo sa ibang tao sa komunidad;
- Emergency Services Award of Valour – kumikilala sa indibidwal o mga indibidwal, na kusang nagbuwis ng kanilang sariling buhay habang ginawa ang dakilang kilos na iligtas ang buhay ng ibang tao;
- Citizen of the Year – kumikilala sa mga volunteer ng Brampton na nagpakita ng pakikipag-ugnay sa buong komunidad kaysa partikular na aktibidad o kontribusyon. Ang award na ito ay ibinibigay sa isang kabataan, nasa hustong gulang at senior na nagbubuo ng mga komunidad at nagpapamalas kung ano ang maabot kung may pagnanais at determinasyon; at,
- Ang Ken Giles Amateur Athlete of the Year Award – iginagawad sa pakikipagtulungan ng Brampton Guardian Newspaper, kumikilala sa isang indibidwal na nakagawa ng malaking epekto o natatanging tagumpay sa amateur na antas ng kani-kanilang sport.

Ang mga nominasyon ay nirebyo ng Citizens Awards Selection Committee ng mga kasapi ng komunidad na eksperto sa paksa ng mga kategorya ng award, kasama ang mga Konsehal ng Brampton, ang Volunteer MBC, Brampton Fire and Emergency Services, ang Brampton Sports Alliance, Brampton Seniors Council at ang Peel Regional Police.

Para makita ang talaan ng mga winner sa 2019 at 2020 bisitahin ang [City of Brampton | Citizens Awards](#). Ang mga award winner ay kikilalanin sa pamamagitan ng social media, advertising at mga poster sa komunidad.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Brampton na kilalanin ang maraming outstanding na mga mamamayan sa komunidad at ipagdiwang ang kanilang kahanga-hangang mga napagtagumpayan sa sports at sa sining; bukod pa sa mahabang panahon na kusang paglilingkod; katapangan; nakakasiglang kilos; at ang Citizen of the Year ng Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mahalaga na kilalanin at ipagdiwang ang maraming kontribusyon na nagawa ng ating mga residente bago at sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Ang bilang ng mga taong nagbigay ng maraming oras at nagkamit ng personal na mga tagumpay sa sining at sports ay talagang kahanga-hanga. Ipinagmamalaki ko ang diwa ng komunidad na meron tayo ditto sa Brampton.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4, Chair, Brampton Citizen Awards; Lungsod ng Brampton*

“Dahil sa pandemya ng COVID-19, hindi nagawa ng Lungsod noong nakaraang taon ang mag-host ng personal na event para kilalanin ang mga tumanggap ng 2019 Brampton Citizens Awards. Sa taon na ito, pararangalan natin ang maraming tao na nag-ambag ng kanilang oras at nakamit ang personal na mga tagumpay sa 2019 at 2020. Nagpapasalamat tayo sa lahat ng sumali at binabati ang lahat ng tumanggap ng award!”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca